

Pangangalagang Pangkalusugan sa Ontario: Paghahanap ng Pangangalaga sa Bahay

Para sa maraming tao, dumarating ang panahon na kailangan nila ng tulong upang manatiling naninirahan sa kanilang mga sariling bahay. Ano ang dapat ninyong gawin kung kayo o ang isang mahal sa buhay ay nangangailangan ng pangangalaga sa bahay? Itong papel ng dapat malaman ay isang magandang lugar para magsimula. Malalaman ninyo rito ang tungkol sa marami sa mga serbisyong pangangalaga sa bahay na makukuha ninyo sa Ontario. Inayos namin ang impormasyon sa mga pahinang ito sa dalawang seksyon:

- Paano gumagana ang pangangalaga sa bahay
- Paano ayusin ang mga serbisyong pangangalaga sa bahay

Mahamanap ninyo itong papel ng dapat malaman online sa iba pang mga wika sa ontario.ca/healthcarebasics. Pindutin ang buton na “Information in Other Languages.” Ang online na bersiyon ay magbibigay din sa inyo ng mga link upang makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa pagkuna ng pangangalagang medikal sa Ontario.

Paano gumagana ang pangangalaga sa bahay

1. Ano ang pangangalaga sa bahay?

Ang mga serbisyong pangangalaga sa bahay ay tumutulong sa mga tao na panatilihin ang kanilang kalusugan at pagiging independiyente sa bahay. Marami sa mga serbisyong ito ay pinopondohan ng gobyerno ng Ontario.

2. Anu-anong mga uri ng serbisyo ang maaari kong makuha sa pamamagitan ng pangangalaga sa bahay?

Ang listahang ito ay nagsasabud ng hanggang apat na pangunahing uri ng mga serbisyong pangangalaga sa bahay:

Mga Serbisyo ng mga Bumibisitang Propesyonal na Pangkalusugan

Ang mga serbisyong ito ay makakatulong sa inyo pagkatapos ng pagtigil sa ospital, o kung kailangan ninyo ng tulong dahil sa sakit o pinsala ng katawan.

Sino ang makakatulong: Kung kuwalipikado ka, ang iyong lokal na Community Care Access Centre (CCAC) ay maaaring mag-ayos upang makatanggap ka ng pangangalaga mula sa mga nars, physiotherapist, occupational therapist, manggagawang panlipunan, pathologist ng pagsasalita-wika, at dietician.

Paano sila makakatulong sa iyo:

- tinataya ang iyong mga pangangailangan
- nagpapalano at nagkakaloob ng pangangalaga, o
- nagtuturo sa iyo na alagaan ang iyong sarili

Maaari ka ring tumanggap ng mga suplay at kagamitan na kailangan mo.

Personal na Pangangalaga at Suporta

Ang mga serbisyong ito ay makakatulong sa iyo sa maraming gawain sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Sino ang makakatulong: kung kuwalipikado ka, ang inyong lokal na Community Care Access Centre (CCAC) ay makakatulong sa iyo na humanap ng tutulong. Ang mga taong ito ay madalas na tinatawag na mga personal na tagasuportang manggagawa, mga katulong sa pangangalagang pangkalusugan, mga manggagawa sa personal na pangangalaga, o mga tagatulong.

Paano sila makakatulong sa iyo:

- tumutulong sa iyo sa pangangalaga sa personal na kalinisan, tulad ng pagpupunas at pagpaligo, pangangalaga ng bibig, pangangalaga ng buhok, pampigil na pangangalaga ng balat, pangkaraniwang pangangalaga ng kamay at paa
- tumutulong na ilipat o ilagay ka sa mga silya, sasakyan o higaan
- tumutulong sa iyo na magbihis o mag-alis ng damit
- tumutulong sa iyo sa pagkain
- tumutulong sa iyo sa paggamit ng palikuran
- sumasama sa iyo sa mga appointment

Pag-aasikaso ng bahay

Ang mga serbisyong pag-aasikaso ng bahay ay tumutulong sa iyo sa mga pangkaraniwang gawain sa bahay.

Sino ang makakatulong: kung kuwalipikado ka, ang inyong lokal na Community Care Access Centre (CCAC) ay makakatulong sa iyo na humanap ng tao o kompanya na magkakaloob ng mga serbisyong ito.

Paano sila makakatulong sa iyo:

- pagpapalano ng menu at paghahanda ng pagkain
- pamimili
- magaan na paglilinis ng bahay at paglalaba
- pagbabayad ng mga bayarin o pagbabangko

Mga Serbisyong Suporta sa Komunidad

Ang mga serbisyong ito ay makakatulong sa iyo na mamuhay nang ligtas at independiyente sa bahay.

Sino ang makakatulong sa iyo: mahahanap mo ang mga serbisyong ito sa pamamagitan ng mga di-nagtutubong korporasyon o mga pribadong kompanya.

Paano sila makakatulong sa iyo:

- transportasyon
- mga pagkain
- tulong ng tagapag-alaga
- tulong sa bahay
- mga programa sa araw
- mga serbisyong panlipunan at panlibangan

3. Sino ang nagbabayad sa mga serbisyong pangangalaga sa bahay?

Ang mga serbisyong pangangalaga sa bahay ay pinopondohan sa maraming magkakaibang paraan: sa pamamagitan ng gobyerno (Ontario at/o mga gobyernong munisipal)

- sa pamamagitan ng mga donasyon sa mga boluntaryong organisasyon (na madalas na naghahatid ng mga ganitong uri ng serbisyo)
- sa pamamagitan ng iyong pribadong seguro o mga plano sa benepisyo (halimbawa, pribadong segurong pangkalusugan)
- sa pamamagitan mo (halimbawa, kapag ikaw mismo ang nagbabayad para sa mga serbisyo)

Maraming taong gustong manatili sa kanilang mga sariling bahay na mag-aayos ng magkakahalang serbisyo na pinopondohan sa maraming magkakaibang paraan.

Paano aayusin ang mga serbisyong pangangalaga sa bahay

4. Paano ako makakahanap ng mga serbisyong pangangalaga sa bahay para sa sarili o isang mahal sa buhay?

Ang inyong lokal na Community Care Access Centre (CCAC) ay tutulong sa iyo na:

- tukuyin ang iyong mga pangangailangan ng pangangalaga
- subukan ang mga serbisyo na pinakamahusay na tumutugon sa iyong mga pangangailangan at kalagayan
- magtipon ng impormasyon tungkol sa kung sino ang maaaring magkaloob ng mga serbisyong ito sa iyo
- mag-aayos ng mga serbisyong hiniling mo

Upang gawin ang unang hakbang, humanap ng isang CCAC na malapit sa iyo.

5. Paano ko malalaman kung ako ay kuwalipikado para sa pangangalaga sa bahay na pinopondohan ng gobyerno?

Kakailanganin mong tawagan ang inyong lokal na Community Care Access Centre (CCAC). Ipapasiya ng inyong sentro kung kuwalipikado ka para sa pangangalaga sa bahay na pinopondohan ng gobyerno.

6. Paano ako makakakuha ng tulong kung hindi ako kuwalipikado para sa pagpopondo ng gobyerno?

Kakailanganin mong magbayad para sa mga serbisyong kailangan mo. Maaari kang mag-aplay nang tuwiran sa mga tao o kompanya na pinili mo. Ang inyong lokal na Community Care Access Centre (CCAC) ay makakatulong sa iyo na humanap ng mga serbisyo.

7. May mga tanong ako tungkol sa paggamit ng sistema ng pangangalagang pangkalusugan sa Ontario. Sino ang maaari kong tawagan?

Tawagan ang ServiceOntario, INFOLine sa pagitan ng 8:30 am hanggang 5:00 pm. Ang mga tauhan ay makakatulong sa iyo sa Ingles, Pranses at 20 iba pang mga wika. Tumawag sa:

- 1-866-532-3161
- TTY 1-800-387-5559
- Sa Toronto, TTY 416-327-4282.

Kumuha ng karagdagang kaalaman online sa health.gov.on.ca.